

1

“Palda pa ba ang tawag dito, eh, mukhang panyo lang ito,” angal ni Casey habang iwinawagayway ang palda sa mukha ni Vanessa, ang baklang kaibigan niya. “Saka ano ’to?” Itinaas niya ang sandals na pinili nitong kapares ng outfit na ito rin ang pumili. “Hindi ito sandals, death trap ’to. ”

“Ang dami mong reklamo. Ang s’abi ni Mark, kailangan sexy ang ayos mo para magselos sa ’yo si Allie. Eh, kung ’yang suot mo ang isusuot mo... naku! Baka pagtawanan ka lang ng babaeng ’yon.”

“Kung bakit kasi kailangan pang pagselosin. Ang dami kasing arte. Kung ako lang ang masusunod, inumbag ko na ang babaeng iyon,” nakasimangot na sabi niya.

“O, wala ka nang magagawa kasi pumayag ka na sa plano ni Mark. Sige na, ipi-facial pa kita. Saka lalagyan ko ng korte ’yang kilay mong kasing-kapal ng bulbol.” Tumawa pa ito, pati mga alipores nitong bakla.

“Tse! Kung makainsulto ka. Naku! Kung hindi ko lang mahal ang parekoy ko na ’yon, matagal ko nang

iniumpog sa pader para magising,” gigil na wika niya.

Ano ba kasi ang nakain ni Casey at pumayag sa plano ni Mark na pagselosin ang nililigawan nito? Ano ba ang malay niya sa paglalandi?

Lumaki siyang one of the boys, kaya ang pananamit at kilos niya ay tila lalaki. Madami ngang nagsasabing tomboy siya. At never been kissed, never been touched ang drama niya.

Kaya hayun siya, nireretoke ang pagkatao ng best friend niyang beki para pumasa sa role niya. Hindi lang niya alam kung buo pa siyang makakarating sa tagpuan nila ni Mark.

She eyed the shoes Vanessa chose for her. Ang tutulis ng takong, parang deadly weapon sa katulisan. Makakaya kaya niyang ilakad iyon?

“Aray! Ano ba’ng ginagawa mo sa mukha ko? Saka maayos naman ’yang kilay ko, bakit kailangan pang ayusin?”

“Maayos ba iyan, eh, parang sinabugan ng granada? Silent ka lang diyan, ako’ng bahala sa ’yo.” Muli nitong hinarap ang trabaho.

“Naku, Mark! You better be grateful. Ininda ko ang torture na ito para sa ’yo at kapag pinagtawanan

mo ako, uumbagin talaga kita,” bubulong-bulong na banta niya.

Tumawa lang si Vanessa na patuloy sa pagretoke sa mukha niya. Pagkatapos ng maraming proseso, sa wakas ay natapos na rin ito.

“Ayan, mukha ka nang tao. Isuot mo na ’yong mga damit na binili natin para ma-makeup-an na kita. ”

“Sobra ’tong makapanlait. Bakit, hindi ba ako mukhang tao dati?” maangas na tanong niya.

“Ay, mukhang tao naman, Case, taong grasa. Paano kasi ang makeup mo, grasa talaga,” sarkastikong sagot ni Vanessa. Parang witch na tumawa ito.

“Hoy! Tigil-tigilan mo ang pang-aasar sa akin, ha! Ubos na ang pasensya ko baka ikaw ang maumbag ko,” naiimbyerna na banta niya.

Binitbit ng dalaga ang paper bag na naglalaman ng mga damit kuno na isusuot niya. Nang maisuot niya ang miniskirt daw, napasigaw siya at agad namang pumasok si Vanessa para tingnan kung ano ang problema niya.

“Walanghiya kang bakla ka! Tingnan mo ang binili mo, konting tuwad ko lang masisilipan na

ako. Saka ano 'to, garter? Aanhin ko 'yan? Ano'ng matatakpan niyan?" galit na sigaw niya. Ibinato niya sa kaibigan niya ang thong underwear na ito rin ang bumili kasama ang push-up bra na pares niyon.

"Ganyan na ang isinusuot ng mga dalaga ngayon. Saka lahat ng mga babaeng gustong makaramdam na sexy sila ay ito ang isinusuot nilang underwear."

"Ayokong isuot ang mga iyan! Pumili ka na lang ng iba." Humalukipkip siya para ipakitang hindi siya matitinag sa desisyon niya.

"Wala ka nang choice. Mahuhuli ka na sa usapan n'yo. At saka minsan lang naman ito, pagbigyan mo na si Mark."

"Leche kasing Mark na 'yan! Siya ang desperadong mapasagot ang babaeng iyon, dapat siya ang nagsusuot nito." Sambakol ang mukhang muli niyang kinuha ang mga damit dito. "Layas, magbibihis ako. At huwag na huwag mo akong aasarin paglabas ko. Kanina pa umuusok ang ilong ko."

Ipinagtulakan niya itong palabas at muling inayos ang sarili. Tiningnan ni Casey ang repleksyon sa salamin at napangiwsi siya. Para siyang hooker sa suot niya. Ang suot niyang blouse ay puti na may disenyong sequins na kumikislap kapag tinatamaan

ng liwanag. At electric blue miniskirt ang palda niya na pinarisan ng stiletto sandals.

“Ikaw Mark ka, siguruhin mo lang na mapapasagot mo na ang Allie na ’yan dahil kapag pinaulit mo pa akong pasuotin ng ganito, talagang paglalamayan ka na,” bulong niya sa hangin.

Nakahawak siya sa hamba ng pinto habang palabas ng dressing room. Nakita naman siya ni Vanessa at agad itong lumapit sa kanya. Ayaw niyang bumitaw sa pagkakakapit dahil baka mahalikan niya ang sahig kapag inalis ang kamay.

“Tandaan mo, Vanessa, kapag nabalian ako ng paa dahil sa sandals na ipinasuot mo sa akin, babalian din kita ng buto,” banta niya, nakakapit nang mahigpit sa braso nito.

Hindi alam ni Casey kung paano niyang nagawang makarating sa mall kung saan sila magkikita ni Mark na buo pa ang katawan niya. Ilang beses siyang kamuntik-muntikang matapilok. Maliban pa sa naiilang siya sa suot niya. Ilang beses niyang hinihila ang laylayan ng palda niya at in-adjust ang kanyang damit dahil lumalabas ang cleavage niya.

Paakyat na siya sa escalator nang sumala ang

paa niya. Napasigaw siya.

Aray! Parang pader sa tigas ang pinagbagsakan niyang dibdib. Slow motion siyang tumingala.

“Miss, okay ka lang?” tanong ng baritonong tinig ng isang lalaki.

Napakurap siya. Kumabog ang dibdib niya at tila nalulon niya ang dila dahil hindi niya nagawang magsalita. Napatango na lang siya.

“Nasaktan ka ba?”

Sa pagkakataong iyon, nagawa na niyang lumayo at bumitaw rito. Ngunit napaaringking siya sa sakit nang itapak niya ang kanyang kanang paa.

“Napilayan ka yata. Baka kailangan mong pumunta sa doktor,” nag-aalalang sabi nito. Inalalayan siya nito sa isang tabi at yumuko sa harap niya. Hinawakan nito ang kanang paa niya at tiningnan iyon.

Napabilis ang paghila ni Casey sa paa dahil tila siya kiniliti. Tumikhim siya. “Hindi na kailangan, baka nabugbog lang. Saka may katatagpuin ako ngayon, katunayan medyo late na ako. Sige, salamat sa pagsalo mo sa akin kanina.”

Nagmadali na niyang iniwan, ito pero hindi pa

siya nakakalayo nang tawagin uli siya nito. Huminto siya.

“Aalalayan na kita hanggang sa pupuntahan mo. Mukhang masakit pa kasi ang paa mo. Pipilay-pilay kang maglakad,” boluntaryo ng estranghero.

Napatingin siya sa paligid. Tila roon naghahanap ng dapat isasagot sa sinabi nito.

“Sige, diyan lang tayo sa *Luna’s Grill*. Nandiyan na ’yong kakatagpuin ko sa loob,” sabi na lang niya.

Pumaikot ang isang braso nito sa baywang niya at muntik na siyang mapatili. Malakas ang kiliti niya roon, sabihin pang hindi siya sanay na may humahawak sa kanya nang ganito. At mula pa sa isang guwapong lalaking tulad nito.

Wait, teka lang. Nag-iba lang ang hitsura at pananamit niya, natuto na rin siyang um-appreciate ng guwapo? After twenty-eight years, natuto na rin ba siyang maglandi?

“Case, ano’ng nangyari sa ’yo? Bakit pipilay-pilay ka?” Kaagad na sumalubong ang best friend niya sa kanya. Hinawakan siya nito sa isang braso para alalayan.

“Muntik na akong nahulog sa escalator. Mabuti

na lang nasalo ako ni...” Hindi pa pala niya alam ang pangalan ni Mr. Macho.

“Jace, mabuti na lang nasalo mo siya. Salamat, ha,” sabi ni Mark.

“Sandali, magkakilala kayo?” salubong ang mga kilay na tanong niya.

Sabay namang tumawa ang dalawang lalaki.

“Hindi nga siya interesado sa boys. Matagal na akong nakalipat sa baranggay natin, pero hindi talaga niya ako napansin,” sabi ni Mr. Guwapo.

“Case, siya si Jace. Siya ang nakabili sa bahay nina Mrs. Santos dati. Isang buwan na siya doon, lagi naming kalaro ng basketball tuwing hapon. Hindi mo ba siya namumukhaan?”

Umiling lang ang dalaga at tumitig sa mukha ng lalaking tinawag na ‘Jace’. Paanong nakaligtas sa mga mata niya ang magandang specimen na ito?

Sabagay, dati naman siyang walang pakialam, kaya siguro hindi niya napansin. Parang hindi lang hitsura niya ang binago ni Vanessa, ah. Pati yata pagkatao niya.

“Nice to meet you, Jace. Salamat na rin sa pagkakasalo at pag-alalay mo sa akin ngayon,” sabi

na lang niya.

“My pleasure. Hindi naman araw-araw na may bumabagsak na magandang binibini sa mga braso ko,” he said lightly, winking at her. “Sige, mauna na ako sa inyo.”

“Nas’an na siya? Bakit wala pa?” naiinip na tanong ni Casey. “Akala ko eight ang usapan n’yong magkikita? Nauna pa ako sa kanya, ah.” Kanina pa nakaalis si Jace at kanina pa namumuti ang mga mata nila ni Mark sa paghihintay sa paghihintay sa babaeng nililigawan ng huli.

“Parating na daw siya. Na-traffic lang.”

“Traffic... Lagi namang iyan ang dahilan ng mga taong nahuhuli,” nakasimangot na sagot niya. “Mark, siguruhin mong sasagutin ka na ng babaeng iyan. Dahil kapag pinasuot mo pa ako uli ng ganitong damit, pagsasamahin ko kayong dalawa na bubugbugin.”

“Ikaw talaga, warfreak. Saka bagay naman sa ’yo ang ganyang ayos, ah,” nakangising sagot nito. Kumindat pa ito sa kanya. “Kita mo ang daming lalaking napapatingin sa ’yo.”

“Tse! Pakialam ko sa mga pangit na ’yan,” sikmat

niya.

“Sus! Tomboy ka talaga. Aminin mo na, sikreto lang nating dalawa.”

Umusod si Casey palapit dito bago ito sinenyasang lumapit. Nakangiti namang yumuko ito palapit sa kanya. Walang sali-salitang inipit niya ang ulo nito gamit ang isang braso niya.

“Tomboy pala, ha!” Kinutusan niya ito habang tumatawa naman ang kaibigan. “Gusto mo pagmukhain kitang panda? Muntik na akong madisgrasya dahil hindi ka marunong pumorma sa mga chicks ’tapos ganyan pa ang sasabihin mo sa akin.”

“Tama na, suko na ako.”

“Nakakaistorbo ba ako?” sansala ng isang tinig.

Pareho silang natigilan ni Mark. At noon lang nila napansing halos magkadikit na ang mga labi nila nang mag-angat ito ng ulo kanina.

“Allie, maupo ka.” Binitawan niya ang kaibigan na agad tumayo para ipaghila ng upuan ang dalaga. “Napadaan lang si Casey, gusto daw niyang ipakita sa akin ang pagbabagong ginawa niya sa sarili niya. Isn’t she gorgeous?”

Ngumiti siya nang matamis sa binata habang

pinipigil na huwag mapabungisngis dahil sa talim ng tinging ipinukol ni Allie sa kanya.

“Oo nga,” tabingi ang ngiting sang-ayon nito.

“Thank you. S’abi ko nga kanina kay Mark nang manlaki ang mga mata niya nang makita ako, baka ma-in love siya sa beauty ko. Lalo na araw-araw kaming magkasama sa trabaho,” maarteng wika niya. Lihim siyang napapatawa dahil kaya rin pala niyang maglandi. “Nagulat din ako, may hitsura pala ako kapag binihisan. Sige, mauna na ako sa inyo. Mark, huwag mong titigan ang puwet ko kapag nakatalikod na ako, baka maglaway ka. ’Bye, Allie.”

Tahimik siyang natawa habang palabas ng kainan. Bahagya pa niyang inindayog ang balakang para magmukhang sensual ang lakad niya. Lumingon siya at nakasalubong ang nanlilisik na mga mata ni Allie.

“Success!” tili niya. “Sorry, kuya, hindi kita ginugulat,” natatawang sabi niya nang mapatalon ang lalaking katabi sa escalator.

Inihinto ni Jace ang kanyang sasakyan sa tapat ng dalagang nakatayo at naghihintay ng taxi sa labas ng mall. Lumabas siya at nilapitan ito.

“Casey, pauwi ka na ba? Sumabay ka na sa akin, pauwi na din naman ako.” Binuksan niya ang pinto ng kotse niya at agad na lumulan ito. “Bakit hindi mo kasabay na umuwi si Mark?” usisa niya nang makaupo ulit sa harap ng manibela. Pinaandar na niya ang kanyang sasakyan.

“May date pa siya, kaya nauna na ako,” maikling sagot nito.

Napansin niyang hinila nito ang laylayan ng paldang suot nito at ilang beses na umayos ng upo. Umabot na kasi ang mga iyon sa gitna ng hita nito at lantad ang mapuputing legs ni Casey.

“Baka mabangga tayo. Sa daan ang tingin, hindi sa legs ko. ”

Napangiti siya. Prangka talaga. “Sorry. Nice legs, by the way.”

Napangiti na rin ito. “Thanks.”

“Pero alam kong hindi ka sanay magsuot ng ganyang damit. Lagi kitang nakikitang nakasuot ng pantalong maong o kaya shorts pero mahahaba, lagpas-tuhod. At maluluwag na t-shirt,” komento niya habang lumulusot sa mga kapwa motorista.

“Lagi mo ba akong nakikita? Saan?”

“Sa shop n’yo. Doon kasi ang way ko kapag pumupunta ako sa trabaho at pauwi,” aniya. “Bakit bigla na lang nagbago ang taste mo? Huwag mong sabihing inaakit mo si Mark?” biro niya.

Hindi kasi halos naghihiwalay ang dalawa. Magka-partner sa trabaho at magkasama pa sa apartment na inuupahan ang mga ito. Akala nga ni Jace ay magnobyong ang dalawa noon. Laking tuwa niya nang malamang best friends lang pala ang mga ito.

“Hindi, ’no! Eww! Parang kapatid ko na si Mark. Sabay kaming lumaki, sabay pa nga kaming naliligo n’on sa ulan nang nakahubad.” Napabilis ang ginawa niyang paglingon dito. Natawa naman ito. “Bata pa kami n’on. Malabong mangyaring ma-in love ako sa kanya.”

“So ibang lalaki ang dahilan niyan?”

“Hindi si Mark ang dahilan.” Tumaas ang kilay niya. “Kasi ’yong nililigawan niya’y masyadong pakipot, akala mo ipinanganak noong panahon ni *Maria Clara*. Kaya naisip ni Mark na pagselosin siya. Kung alam ni Allie na may puwedeng makaagaw kay Mark, baka mapadali ang pagsagot niya sa ugok na ’yon.”

Natawa si Jace dahil nanulis ang nguso nito.

“Buti napapayag ka niya.”

“Muntik ko na nga siyang ma-target nang kutsilyo bago niya ako napapayag. Tingnan mo tuloy, muntik na akong madisgrasya kanina. 'Buti na lang nasalo mo ako, kung di patay ang beauty ko.” Pakumpas-kumpas pa ang mga kamay ni Casey habang nagsasalita at naaliw siyang panoorin ito. “Kung di ba naman baliw ang mga kaibigan ko. Pagsuotin ako ng sandals na hanggang leeg pa ang heels, milagro na nga lang na nakarating ako sa mall na walang cast ang paa, eh.”

Natawa siya nang malakas. She was animated while speaking at nakakatuwa itong pakinggan.

“Next time magsuot ka na lang ng flat na sandals para hindi ka na madisgrasya,” aniya.

“Oh, no, no, no. Wala nang next time. Ililibing ko na lang sila nang buhay bago ako magsuot uli ng ganito.”

“Bakit? Maganda ka naman, ah,” puri ni Jace, pinaglakbay pa ang mga mata sa katawan nito.

Naningkit ang mga mata ni Casey at humalukipkip. “Hindi ako sanay magsuot ng ganito. Pakiramdam ko, kakabagan ako sa iksi ng suot ko. At napansin

ko, andaming lalaking nakatingin sa akin. Hindi ako sanay sa gan'on. Mas gusto ko na lang iyong get-up ko dati," paliwanag nito.

"Sabagay, kahit ano namang isuot mo, maganda ka pa rin." Muling ibinalik ng binata ang atensyon niya sa pagmamaneho. "So, effective ba ang pagpapaselos mo sa nililigawan niya?"

"Effective. Sa ganda ko ba namang ito, hindi siya mai-insecure?" birong pagyayabang nito.

Natawa siya. Masarap palang kausap ang dalaga. May sense of humor kahit medyo warfreak pero masayahin naman.

"Sabagay," sang-ayon niya. Ito naman ang natawa. "So, puwede ba akong pumunta at makipagkuwentuhan sa shop n'yo paminsan-minsan?"

"Sure, anytime."

2

“Ano? Hindi ka pa rin niya sinasagot?” Napataas ang tinig ni Casey nang sabihin iyon.

Umaga noon at nauna siya sa shop, kaya hindi niya natanong si Mark kung kumusta ang date nito kagabi. Ngayon pati mga tauhan nila sa auto shop ay nakikinig sa usapan nila.

“Hindi. S’abi niya kailangan pa daw niya ng panahon,” mukhang Biyernes santo ang mukhang sagot nito.

Gusto niyang pagtawanan ang kaibigan dahil sa hitsura nito, pero nauna ang awa niya. At nainis siya kay Allie dahil pinapatagal pa nito ang panliligaw ng kaibigan niya. Ano pa ang pag-iisipan doon samantalang mukha namang may pagtingin ang tililing na babaeng iyon kay Mark.

“Aba, ano’ng gusto ng babaeng iyon, pikutin pa kita para lang matauhan siya? May pagka-*Tweety Bird* yata ang utak niya. Kung mahal mo, mahal mo at hindi mo na pag-iisipan. Bakit, utak ba ang gamit kapag nagmamahal?” Naiimbiyerna na talaga siya.

“Ikaw talaga, anong *Tweety Bird*?”

“Totoo naman, eh. Kagabi akala ko nga sasaksakin niya ako sa sobrang pagseselos ’tapos hindi pa siya umaming mahal ka niya? Ano ba talaga, habambuhay ka na lang manligaw sa kanya? Iyon ba ang gusto ng impaktang iyon? Aba, sinusuwerte siya!” nagpunas siya ng mga kamay at namaywang.

“Kahit maging nobya ko siya, liligawan ko pa rin siya. She deserves it at dahil mahal ko siya.”

“Sinabi mo ba ’yan sa kanya?” Umiling ito. “Gunggong ka rin pala, eh.” Binatukan ito ni Casey. “Dapat sinabi mo. Baka kaya nagpapakipot kasi gusto niyang magtagal ang panunuyo mo sa kanya. S’abi nga ni Mommy, may mga lalaki kasing kapag napasagot na ang isang babae ay nawawala na ang lambing.”

“Aray! Ang brutal mo talaga.” Hinaplos ni Mark ang nasaktang batok nito.

“Pa’no, hindi na yata gumagana ang utak mo mula nang makilala mo si Allie,” malakas na sabi niya. “O, magtrabaho ka na. Huwag kang magmukmok diyan, kung di babatukan kita.”

“Akala ko ba partner tayo? Bakit kung makapagutos ka, parang tauhan mo lang ako?” reklamo nito.

“Kasi alam kong balak mong magmukmok diyan.

Kilala na kita, pati likaw ng bituka mo'y alam ko. At hindi ka matutulungan ng ganyang pagmumukmok," pangangaral niya. Muling pumailalim ang dalaga sa kinukumpuni niyang sasakyan.

"Siyanga pala, salamat sa tulong mo, parekoy," pahabol nito.

"Oo na, pasalamat ka mahal kita. "

Narinig niyang tumawa ito. Noon naman niya narinig ang boses ni Jace na naghahanap sa kanya. Sa sobrang pagmamadali niyang makalabas sa ilalim ng sasakyan ay nauntog tuloy ang ulo niya.

"Aray!" daing niya. Hinaplos niya ang noong nauntog.

"Mag-iingat ka kasi, lagi ka na lang nadidisgrasya kapag nakikita kita," anito. Inalis nito ang kamay niya at ito na ang humaplos sa kanyang noo.

"Grabe ka naman! Dalawang beses pa lang. Saka malayo iyan sa bituka."

"A third one coming?" seryoso ang mukhang tanong nito.

Pinalo niya ito saka tumayo. "Napadaan ka? May kailangan ka ba?" Napansin niyang wala sa paligid si Mark. Nagtatrabaho na marahil ito.

“May langis ka sa mukha, o,” malayo sa tanong niya na sagot ni Jace. Humugot ito ng panyo at ito na ang nagpunas ng mukha niya. Humakbang siya palayo, pero hinawakan nito ang braso niya. “Sandali, hindi pa natatanggal.”

“Hayaan mo na kasi, mamaya meron na namang dumi diyan. Normal lang iyan sa akin, iyan ang makeup ko.” Tinangka niyang magbiro, pero lumabas na mahina at tila kinakapos ng hininga ang boses niya.

Iba ang epekto ng lalaking ito sa kanya. Sa sistema niya. Dumadagundong ang puso ni Casey at hyper-aware siya sa presensya nito.

Kung makatitig naman kasi ito ay tila balak mang-hypnotize ng tao. Tila kumunoy ang mga mata nitong humihigop sa kanya.

“So, ano’ng balita? Gumana ba ang plano n’yo kagabi?” nais nitong malaman.

Naririnig niyang nagsasalita si Jace, pero parang galing sa malayo ang tinig nito. Parang ibang lengguwahe ang ginamit nito.

“Ha?”

“Ang s’abi ko, ano’ng balita kagabi? Sinagot na

ba si Mark?” ulit nitong kumunot ang noo.

“Ah, iyon ba? Sorry, may iniisip kasi akong iba,” palusot ni Casey. “Hindi pa nga sinagot ni Allie, kaya nagmamaktol nang umagang-umaga ang parekoy ko. Ewan ko ba kung bakit pinagtitiisan niya ang babaeng iyon. Di na lang humanap ng iba.”

Tinawanan ng binata ang sinabi niya. “Hindi ka pa siguro nai-in love, ano?”

“Ano naman ang kinalaman niyan sa sinabi ko?” salubong ang mga kilay na tanong ni Casey.

Napailing ito pero naging masuyo ang titig nito sa kanya.

“In love ang kaibigan mo doon sa nililigawan niya. Porque hindi ka mahal ng taong mahal mo, hindi ibig sabihin n'on ay puwede mo na ring i-turn off ang pagmamahal mo sa kanya para makahanap ka ng iba.”

“Hindi ko naman sinabing gan'on. Pero puwede niyang ibaling ang pagmamahal sa iba, hindi ba?” rason niya.

“Pero alam kong hindi gagawin iyon ni parekoy kasi loyal ang best friend ko na 'yan, eh. Kaya nga hanggang ngayon hindi ko pa rin siya inililibing nang

buhay kahit na naaasar ako minsan sa kanya.”

Napailing na lang si Jace sa pagka-warfreak na nature niya. Mabuti nga hindi pa nito nasaksihang makipagbakbakan siya kasama ng mga kuya niya at barkada nila. Baka matakot ito.

“Anyway, dumaan lang ako rito para yayain kayo sa restobar ko. Mag-inuman tayo, ako ang taya.”

“Oo ba. Teka, saan ba ’yan?” naalala niyang itanong. Alam niya ang bahay at pangalan nito pero maliban doon, wala na.

“*Rocky’s RestoBar*. Diyan lang sa may labasan. ”

“Sa ’yo pala ’yon? Sige, pupunta kami mamaya ni parekoy.”

Alam ni Casey ang restobar na sinasabi ng binata. Hindi pa gaanong nagtatagal nang magbukas iyon at marami na agad ang dumadayo roon. Bukod sa masarap ang pagkain, maganda rin ang pagkakadiseno niyon. At magaling ang bandang kumakanta roon; hindi maingay ang musika, katamtaman lang para ma-relax ang mga tao.

“Tamang-tama ang dating n’yo. Hindi pa masyadong marami ang tao. Dito tayo, nagpa-reserve

ako ng table para sa atin.” Sinalubong ni Jace ang grupo ni Casey nang makita niya ang mga itong pumasok sa restobar niya.

“Jace, si Vanessa pala, kaibigan din namin. Sa kanya ’yong *Vanessa’s Place* diyan sa bayan,” pagpapakilala ni Casey sa isa pang kasama ng mga ito. “Siya ang mastermind sa pagta-transform sa akin kagabi.”

“Nice to meet you. Pero next time huwag mo nang pasusuotin si Casey ng ganoon kataas na sandals kung wala ako d’on para sumalo. Baka makadisgrasya siya.”

Nagkatawanan silang lahat sa sinabi ng binata.

“Dapat nga pasalamatan ako ni sis kasi kasingguwapo mo ang nakasalo sa kanya. Ako, kahit oras-oras na akong madapa kung ikaw naman ang sasalo,” maarteng sagot ni Vanessa.

“I’m sure,” umikot ang mga matang saad ni Casey.

“Huwag mo na lang pansinin ang dalawang iyan. Um-order na lang tayo para makarami,” singit ni Mark, na napansin niyang medyo tahimik.

Tinawag ni Jace ang waiter at kani-kanya silang order ng inumin.

“Parekoy, huwag kang maglalasing, ha? Ikaw ang nakatokang driver ngayon. Last time na nag-inuman tayo, ako ang driver n’yong dalawa,” pagpapaalala ni Casey nang ilapag ng waiter ang order nila.

“Si Vanessa na lang muna. Balak kong magpakalango ngayon.”

“Lagi bang may naka-assign na maging driver n’yo kapag ganitong nag-iinuman kayo?” curious na tanong ni Jace.

“Oo, kapag kailangang magmaneho. Pero hindi naman kami laging naglalasing, kapag natripan lang. Gaya ngayon, may dinaramdam si parekoy namin,” sagot ng dalaga. Pagkatapos ay napapalatak ito. “Kaya hindi ko hinahanap si Mr. Right, eh, puro problema lang ang dala ng pag-ibig na iyan.”

“Naku, sis! Hindi naman hinahanap si Mr. Right, kusa siyang dumarating. Malay mo, siya na pala iyong taong nakasalo sa ’yo?”

“Ikaw, Jace, naniniwala ka ba d’on? Fate? Destiny or whatever they want to call it?” baling ni Casey sa kanya.

Saglit siyang nag-isip. “Sa ibang bagay, oo. Sa ibang bagay, hindi,” kapagkuwa’y tugon niya.

“Teka, ang gulo naman ng sagot mo.”

“Ganito kasi iyon. May mga bagay na kontrolado natin. Gaya ng kung anong kurso ang gusto natin. Pero may mga bagay din na hindi natin kayang kontrolin, gaya na lang ng pagkakakilala natin. I think it’s fate, na nagkataong nandoon ako nang mga oras na iyon,” paliwanag niya. Seryoso ang mukha niyang nakatitig siya sa dalaga. “So, I believe there is fate, but I also believe that we have a choice in things.”

“Sabagay, may punto ka,” sang-ayon ng dalaga.

Napangiti na lang siya.

“Maganda itong place mo, ah. Irerekomenda ko siya sa mga kaibigan ko. Mahilig sa night life ang mga iyon, eh,” pag-iiba ni Vanessa ng usapan habang inililibot ang mga mata sa paligid.

“Thank you.” Ipinagmamalaki ni Jace ang negosyo niya. Mula sa sariling sikap niya iyon. Bago pa lang ang restobar niya pero madami na agad ang regular customer niya. “Ito ang baby ko, dito nakabuhos ngayon ang atensyon ko. Bago pa lang pero okay naman ang kita.”

“Mmm... masarap ito, ah. Ano’ng tawag rito?” tanong ni Mark tungkol sa isang pagkain na katitikim lang.

Sumubo rin si Casey pagkatapos ay tumango. “Oo nga, masarap.”

Napangiti si Jace. “Flaming chicken wings. ”

“Masarap siya. Kaya pala dinarayo itong restobar mo. Masarap ang pagkain at maganda ang ambiance. Nakaka-relax,” sabi nito.

“Iyon nga ang gusto ko. People come here to enjoy the food and relax. Listen to the music,” nasisiyahang sagot niya. “Mamaya pa talaga ang busy hour. Kaya maganda nang maaga kayong pumunta, busy na kasi ako mamaya. May mga tauhan nga akong umaasikaso sa mga bagay-bagay, pero gusto ko pa ring ako ang nagpapatakbo talaga sa negosyo ko.”

“Parang kami lang din naman,” nakakaintinding sagot ng dalaga.

Nagtagal pa sila nang ilang oras sa *Rocky’s RestoBar*. Nang magsidatingan ang maraming tao, nagpaalam ang binatang aasikasuhin lang nito ang mga customer.

Hindi maiwasan ni Casey na sundan ng tingin ang papalayong binata. Tila magnet ito na laging humihila sa mga mata niya. Ni hindi niya masyadong

naiintindihan ang pinag-uusapan nilang tatlo dahil na kay Jace ang atensyon niya.

Nakita rin niya kung paanong umaligid ang mga babae rito. Kung sabagay, guwapo ang lalaki at halatang may tiwala sa sarili. At talagang agaw-pansin ito.

“Hmm... sis, kanina ko pa napapansin ’yan,” tawag ni Vanessa sa atensyon niya.

“Ang alin?” patay-malisyang tanong niya.

“Kunwari ka pa. Hello, sino ba ang kanina mo pa tinitingnan? Sabagay, macho siya.”

“Tinitingnan ko lang naman kung busy pa siya para makapagpaalam na tayo,” pagkakaila niya.

Umikot ang mga mata nito. “Sus! I-deny pa daw. Hoy, sister, kilala kita. Sa tingin mo hindi ko napapansin iyang mga kilos mo?”

“Shh... tumahimik ka na nga, Ayan na siya, papalapit,” saway niya sa kaibigan. Mabuti na lang at tulog na si Mark dahil naparami ng inom. “Sikat palang tambayan ng mga tao itong lugar mo, ah. Ang daming tao,” agad na sabi niya pagkalapit ni Jace.

Pinanlakihan niya ng mga mata si Vanessa na kakaiba ang ngiti. Lalo lang lumuwang ang ngiti nito,

kaya naman kinabahan siya. Baka mamaya ipahiya siya ng baklang kaibigan, talagang paglalamayan ito bukas.

“It’s busy tonight. Pasensya na kayo, hindi ko na kayo naasikaso.”

“It’s okay, nabusog naman ang tiyan pati mata namin,” nakangising sagot ni Vanessa. Pinandilatan niya ito. “Ang daming guwapong papa dito. Gagawin naming tambayan ito para mag-hunting ng papa.”

Nakitawa na lang si Casey kahit na gusto niyang batukan ang kanyang kaibigan.

“Welcome kayo dito basta dito kayo bumili ng pagkain, ha? Bawal ang may baon,” biro ng binata.

“Of course, masarap ang pagkain dito... at may libreng dessert pa,” malanding sagot ni Vanessa.

Lihim niyang sinipa ang paa ng bading sa ilalim ng mesa. Impit namang napaigik ito.

“Paano, Jace, mauna na kami. Kanina pa knockout itong si parekoy, eh. Next time na lang ulit,” paalam na niya bago pa madulas ang dila ng malandi niyang kaibigan. Hindi pa naman ito makapagtago ng sikreto. “Salamat ulit.”

“Tutulungan ko na kayong ihatid si Mark sa

sasakyan.”

“Naku, hindi na. Kaya na namin ’to. Bumalik ka na sa ginagawa mo,” mabilis na tanggi niya.

Ikinawit niya ang isang braso ni Mark sa leeg niya at ganoon naman si Vanessa sa kabila.

“Sigurado kayo?” paniniyak ni Jace.

“Oo, sanay na kami dito. Sige, good night.”

“Good night. Ingat kayo sa pagmamaneho.”

Minadali na niya ang kaibigan para makalabas na sila ng restobar.

“O, bakit sobrang nagmamadali kang makauwi? Gusto mo nang lumayo kay Mr. Right?” tudyong nito nang nasa harap na ito ng manibela.

“Hoy, Vanessa! Huwag mo akong inaasar, mainit ang ulo ko baka maumbag kita,” banta niya.

“Asus! Mainit ang ulo mo kasi madaming lumalandi d’on sa taong gusto mo?” hindi natatakot na ganti nito.

Tumpak! Madami na talagang malanding tao ngayon. Kung bakit kasi nang muntik siyang mahulog sa escalator, nasalo siya ng binata. Kaso ang puso niya ay hindi lang muntik nahulog. Nahulog talaga...

derecho, walang preno.

Sabagay, hindi pa naman masasabi ni Casey na mahal na niya si Jace. Kahapon lang sila nagkakilala. Kaya lang siguro extreme ang reaksiyon niya nang makita ang mga babaeng ikinikiskis ang katawan sa binata para makuha ang atensyon nito ay dahil ito ang kauna-unahang lalaking nakakuha ng atensyon niya.

Ang lalaking unang pinag-ukulan niya ng pansin.

“Hoy, Case, kinakausap kita. Bakit bigla ka na lang nagsawalang-kibo diyan?” Ipinitik pa ni Vanessa ang mga daliri nito sa tapat ng mukha niya.

“Ano ba? ’Yang pagmamaneho mo nga ang asikasuhin mo, huwag ako ang guluhin mo.” Busangot ang mukhang tinapik niya ang kamay nito.

“Hay, naku! Malala ka. Pero happy ako para sa ’yo, girl,” excited na wika nito. “Sa wakas, nagising na rin ang pagkababae mo. Puwede na tayong mag-girls’ night out at mag-compare ng mga notes about boys.”

“Heh! Wala pa akong inaamin na kahit ano, ’no! Kaya maghunos-dili ka.”

“Hindi mo na kailangang umamin. A girl can tell. You like him at mukhang like ka naman niya,”

rason nito.

“O ngayon, naging manghuhula ka naman,” sarkastikong sabi niya, humalukipkip.

“Fine, i-deny mo ’yan. Para ano pa’t naging kaibigan mo ako kung hindi ka magsasabi ng damdamin mo sa akin?” nagtatampo ang tonong sabi nito.

Natawa na lang si Casey at mabilis itong niyakap.

“Okay, fine. Aaminin ko na. Bumibilis ang tibok ng puso ko kapag nasa malapit siya. He’s nice. Pero wala pa akong masyadong alam tungkol sa kanya. Malay mo naman may girlfriend na pala siya? Kaya hindi ako masyadong atat na kagaya mo,” pag-amin niya.

“Hay, naku! Nega ka kasi kaya naisip mo agad iyon.” Eksaheradong nagbuntong-hininga ito. “Pero masaya pa rin ako at may nakabingwit na ng atensyon mo. And, girl, approve ako sa taste mo pagdating sa lalaki. Ang sexy ng pang-upo niya.”

Natawa na lang si Casey. “Bakit ba iyon ang unang-una mong nakikita pagdating sa boys?”

“Duh? Parang sa mga boys din ’yan, dibdib ang tinitingnan sa babae, ako nama’y pang-upo ang

napapansin ko sa mga hombre,” maarteng paliwanag nito.

“You’re such a pervert,” naiiling na wika niya.

“Na para namang hindi doon nakatutok ang mga mata mo kanina.”

Hindi naman talaga. Most of the time, anyway.

3

Napatigil si Jace sa pagpasok sa auto shop nang makita si Casey na nakayuko sa harap ng isang sasakyan. Nakatalikod ito sa kanya, kaya malaya niyang napagmasdan ang anyo nito.

Nakasuot ito ng kupas na pantalong medyo hapit at dahil nakayuko ito, kitang-kita ang magandang shape ng pang-upo nito. Hindi naman siya pervert, pero pagdating sa dalaga ay bigla siyang nagkakaroon ng maruming isipin.

Nagsimula iyon noong masalo niya ito sa escalator. Napakalambot ng katawan nito at napakabango. Noong una ay hindi niya ito nakilala dahil ibang-iba ang hitsura nito sa dating Casey na tinatanaw niya lang sa malayo. Ang totoo, mas gusto niya ang Casey na ito kaysa sa babaeng nakilala niya sa mall. This Casey was more relaxed and outgoing. Samantalang iyong Casey sa mall ay ilang at hindi komportable sa katawan.

Ipinilig niya ang ulo.

“Oy, nandiyan ka pala. Ba’t nakatayo ka lang diyan? Halika dito,” tawag nito nang malingunan

siya. “Ano ’yang dala mo?”

“Tinitingnan kasi kitang nagtatrabaho, masyado kang naka-concentrate diyan sa ginagawa mo.” Lumapit siya sa babae at iniabot ang plastic bag na naglalaman ng pagkain. “Beef cannelloni para sa inyo ni Mark. Nas’an nga ba siya’t bakit hindi ko nakikita?”

“Ayun, nagmumukmok kasi hindi daw sinagot ni Allie ang tawag niya kahapon. Tsk! Malala na ang parekoy ko, baka kailangan nang ipa-check up ang utak niya.”

Natawa si Jace. “Ikaw masyado kang alaskador. Tingnan ko lang kapag na-in love ka din. See if you fare better.”

“Hah! Di-hamak na mas wais ako diyan, kaya hindi ako magagaya sa kanya. Kung bakit kasi di na lang niya dukutin at itali sa kama ang Allie na ’yon para sa simbahan na ang bagsak nilang dalawa.”

Pinitik niya ang ilong nito.

“Aray! Nananakit ka na, ha! Babatukan kita.” Hinaplos ni Casey ang nasaktang ilong nito.

“Pa’no kasi gagawin mo pang kriminal ang best friend mo. Akala ko ba mahal mo siya?” nangingiting tanong ni Jace. Kinuha niya ang plastic bag na hawak

nito at ipinatong sa hood ng kotse.

“Oo naman, kaso nakakaimbiyerna ang drama niya. Kagabi nga lasing na naman. Porque hindi lang nasagot ang tawag, eh, naglasing agad. Nasaan ang diskarte niya?” naiinis na pagkukuwento nito. “Sinabi ko nga baka busy, ayaw talagang makinig.”

“Malala na nga,” sang-ayon niya. “O, kumain ka na muna. Magtira ka na lang ng para kay Mark.”

Napangiti si Casey dahil naalala siyang dalhan ng tanghalian nito. Napansin niyang maasikaso sa kanya si Jace at malambing. Kaya naman lumalaki ang pagkakagusto niya rito.

“Ikaw, kumain ka na ba? Sabay na tayo, madami naman yata itong dala mo. Tara sa bahay, may adobong baboy pa doon,” alok niya. Lunch break naman na at mamaya pa pupunta ang binata sa restobar nito.

“Yum, sige ba. Pakainin na din natin ang parekoy mo baka magka-ulcer ’yon.”

Palabas na sila nang marinig niya ang boses ni Allie mula sa labas. Tinatanong nito kung nasaan si Mark.

“Oh, shit! Hindi niya ako dapat makita na ganito ang hitsura. Masasayang ang pinagpaguran namin ni Vane.” Natatarantang umikot si Casey at nagtago sa likod ng kotse.

Sumunod si Jace sa kanya na tiningnan siya mula ulo hanggang paa. Nakasuot siya ng kupasing maong na may pilas sa bandang tuhod. Pinarisan niya iyon ng maluwang na t-shirt. At nakatsinelas lang siya. Sigurado siyang baka may grasa rin sa mukha niya.

“Wala namang problema sa suot mo, ah. You’re comfortable at nasa trabaho ka. Alangan namang mag-miniskirt ka pa dito?” kunot-noong tanong nito.

“Hindi mo naiintindihan. Super ganda at sexy ni Allie, kapag ganito ang ayos ko na tatabi sa kanya, paano pa magseselos iyon? Tingnan mo nga ako, baka sabihin pang taong grasa ako kapag katabi ko siya.”

“May grasa ka nga sa mukha pero maganda ka pa rin,” giit nito.

Napangiti ang dalaga. “Thanks, pero hindi pa rin niya ako puwedeng makita na ganito. Baka magtampo sa akin si Mark.”

“Here, let me help. Pero huwag mo akong babalian ng buto, ha?” Tumango siya. Dumukot ng panyo si Jace at pinunasan ang mukha niya. “Dapat

siguro bumili ako ng dalawang dosenang panyo. Sa tuwing pupunta ako dito lagi ko na lang pinupunasan ang mukha mong may langis,” biro nito.

Tumawa si Casey kahit na halos maduling siya dahil sobrang lapit nito. Ang init din ng palad nitong nakasapo sa mukha niya at nakakalasing ang mabangong amoy nito. Pagsasamahin iyon at parang binagyo ang sistema niya.

“Wala akong bihisan dito,” sa wakas naalala niya ang gusto niyang sabihin.

“Okay lang ’yan. Itali na lang natin dito sa bandang laylayan ’yang damit mo. Parang kay Britney Spears noon.”

Natawa siya. Kamacho-macho nitong tao ay kilala nito si Britney Spears. At mukhang pinapanood dahil alam ang pamamaraan ng pananamit nito, samantalang siya ay hanggang pangalan lang ang alam niya sa naturang singer.

“Alam mo ikaw, sinosorpresa mo ako. Kilala mo si Britney?”

“Oo naman. Sikat siya noon, di ba? Napapanood ko siya sa *MTV* dati,” seryosong sagot nito.

Nagsimula itong buhulin ang damit niya at di-

sinasadyang masagi nito ang balat sa sikmura niya. Parang nagsirko ang lamang-loob ni Casey dahil sa friction na dulot niyon.

“Hindi ba ako kakabagin diyan? Eh, halos umabot na sa dibdib ko ang taas niyan, ah,” reklamo niya. Na-conscious siya sa sobrang lapit ni Jace.

“Hindi, sandali lang naman. There, you’re ready.” Humakbang ito paatras at nakahinga siya nang maluwag.

“Pakiramdam ko kakabagin ako nito. Naku! Halika na nga, harapin natin ang malditang ’yan.”

Bago pa mapag-isipan ni Casey ang kanyang gagawin, nahawakan na niya ang kamay ng lalaki. Muntik na niyang mabitawan ang kamay nito nang tila may kuryenteng sumigid sa kamay niya. Hindi niya pinansin iyon.

“Hi, Allie! Wala dito si Mark, nasa bahay. Doon mo na lang siya puntahan kung gusto mo. Nag-inuman kasi kami kagabi, nalasing siya,” maluwang ang ngiti niyang salubong sa babae.

Hindi niya pinansin ang kakaibang titig ng mga mekanikong naroon pati na rin ang ginawang pagtitig sa kanya ni Allie. Humigpit lang ang hawak niya sa kamay ni Jace.

“Oo nga pala, si Jace. Jace, si Allie,” pagpapakilala niya sa dalawa.

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Allie sa kanila bago nito inabot ang kamay ng binata. Dumako ang mga mata nito sa kamay nilang magkahawak. Hindi niya napansing hawak pa rin niya ang kamay ni Jace, pero hindi niya binitawan iyon.

“Sumabay ka na sa amin, papunta kami ni Jace doon para mag-lunch,” yaya niya.

“Oo nga naman, Allie,” segunda ni Jace.

“Sige,” tila napipilitang sagot nito.

Nagpatiuna siya. Inilabas niya ang cellphone at nagpadala ng mensahe kay Mark na papunta sila roon kasama si Allie. Para makapagbihis at makapaghilamos naman ito. Baka kasi nagmumukmok pa ang mokong.

“So, Allie, kumusta naman ang trabaho mo?” tanong ni Casey. “May bagong show ka ba?”

“Oo, kaya nga abala ako ngayon kasi madami akong tinatapos na design,” may pagmamalaki sa tinig nito nang sabihin iyon.

“Wow, congrats! Yayayain ko si Mark para manood ng show mo.”

Umasim ang mukha ni Allie nang sabihin niya iyon. Oops, dapat yata sinabi niyang sila ni Mark ang dapat magkasama nang gabing iyon. Mukhang nahalata rin ni Jace ang reaksiyon nito.

“Case, ako na lang ang date mo. Malay mo, gusto ni Mark na si Allie ang date sa gabing iyon,” suhestyon nito.

Pinag-aralan niya ang anyo ni Allie at natuwa siya nang makitang bahagyang umaliwalas iyon.

“Okay. Pasok kayo. Titingnan ko lang kung gising na si Mark. Baka naglalaway pa 'yon sa pagtulog hanggang ngayon.”

Malalaki ang hakbang na inakyat ni Casey ang silid ng kaibigan. Binayo niya ang pinto saka itinulak iyon.

“Parekoy, nandito na ang love of your life. Nakaligo ka na ba? Huwag kang bababa kung mabaho ka, nakakahiya,” aniya matapos kumatok sa pinto ng banyo nito.

“Susunod na ako. Salamat sa text, parekoy,” sagot nito.

“Anytime. Gusto mo bang ipagtimpla kita ng kape?”

“Thanks.”

Naiiling na bumaba siya. Sinabi na nga ba niya at dinibdib nito ang pagmukmok. Sarap talagang batukan. Naabutan niyang nagkukuwentuhan ang dalawa.

“Pababa na siya, tinatapos lang niyang maligo. Gusto n’yo ba ng maiinom? Ipagtitimpla ko pa kasi ng kape si parekoy; may hangover, eh.”

“Ako na ang magtitimpla ng kape niya,” mabilis na sansala ni Allie.

Tumaas naman ang kilay niya. “Okay, halika dito sa kusina, sasamahan kita. Jace, ikaw?”

“No, thanks. Kakain naman na tayo ng lunch. Sasama na rin ako sa kusina para tulungan kang ihanda ang pagkain natin. Pero tanungin mo muna si Mark baka gusto niyang ilabas si Allie for lunch,” sabi nito.

“Oo nga, ’no?” nangingiting sagot niya. “Allie, ’ayan ang mug ni Mark,” turo niya sa isang mug na may naka-engrave na letter M na nakasabit sa cup rack. “Alam mo naman na siguro ang timpla ng kape niya.”

Hinayaan niya ang dalagang magtimpla ng

kape habang hinila naman niya si Jace sa tabi para kausapin.

“Ano sa tingin mo? May pagtingin din siya kay Mark, di ba? Hindi lang ako ang nakakapansin?” mahinang bulong niya.

“Oo, kung kutsilyo ang mga mata niya kanina ka pa bumulagta sa sahig,” bulong din nito. She shivered when his hot breath tickled her sensitive ear.

Bahagya siyang umatras palayo rito. “Good. Balik na tayo doon, tulungan mo akong pagselosin siya.”

“You’re evil,” nakatawang biro nito.

Her laugh was evil enough. “Kung hindi siya pakipot, hindi niya aanihin ang kasamaan ko. Kaso pinapahirapan niya pa ang parekoy ko, puwede namang derecho na sila sa sarap.”

Naiiling na sumunod sa kanya ang binata. Although, tingin naman niya ay enjoy itong panoorin siya sa role niya. Tila tuwang-tuwa nga ito. Sigurado siyang nag-enjoy ito noong nasa mga bisig siya nito.

Pakshet, malandi na nga ako!

“Pasensya ka na medyo matagal si Mark. Matagal talaga iyon kapag nagbibihis, akala mo babae. Mas talo pa niya ako pagdating sa oras ng bihisan.”

Pasimpleng pinag-aralan niya ang anyo ni Allie.

“I’m sure dati iyon, pero ngayong nagbago na ang taste mo sa pananamit, you take your time too. So what brought the sudden change?” Kaswal ang tinig ng babae but her eyes flashed with suspicion.

“Wala naman, nagising na lang ako isang araw na gustong magbago,” kaswal din ang tonong sagot niya.

“Casey, sigurado kang walang kinalaman si Mark diyan sa pagbabagong ’yan?” kunwari’y biro ni Jace.

Napaangat ang mga mata niya at nasalubong ang nakangiting mga mata ng binata. Of course, alam nitong malaki ang kinalaman ni Mark sa pagbabago niya. In fact, si Mark ang dahilan, pero alam niyang iba ang magiging pakahulugan ni Allie sa tanong nito.

Evil daw ako, eh, mas evil pa pala ang lalaking ’to. Naku! Bagay yata talaga kami.

Kunwari’y saglit siyang nag-isip.

“I don’t know, ”aniyang nagkibit-balikat. “Does it bother you, Allie? I mean, kaibigan ko si Mark at sa iisang bahay kami nakatira. Don’t get me wrong, wala naman akong balak akitin siya. Pero ngayong nadiskubre ko na may itinatago din pala akong

ganda, bakit hindi ko ilabas para makita naman ng iba? Masama ang maging maramot, sabi nga nila.”

Muntik nang masira ang acting ni Casey nang makita niya ang ekspresyon sa mukha ni Jace. Namumula ang mukha nito dahil sa pagpipigil ng tawa.

She had to bite the insides of her mouth para lang huwag matawa nang paikutin nito ang mga mata.

“What was that?” he mouthed at her. Hindi niya ito pinansin.

Nang tingnan niya si Allie, doon talaga nasubukan ang kontrol niya sa sarili. Hindi yata ito makapaniwala sa mga pinagsasabi niya. Her expression was so shocked, she almost laughed out loud at sabihing... gotcha!

Pero nakabawi ito. “Hindi naman ako nati-threaten sa ’yo. I mean, ako ang nililigawan niya at hindi ikaw,” defensive ang tono nito. Bahagya pa nitong itinaas ang mukha na tila hinahamon siya.

“Oh, that’s good. Kasi alam mo na, kami ang laging magkasama at minsan hindi maiiwasang siya ang tanungin ko sa mga outfit na gusto kong isuot. He’s nice nga, eh, kasi nauupo lang siya sa bed ko habang pumaparada ako sa harap niya. He’s like the

judge or something,” maarteng sagot niya. Ginaya niya ang pagsasalita ni Vanessa.

Halos lumipad ang mga kilay ni Allie sa bilis ng pag-angat. Namula rin ang mga pisngi nito at lumaki ang butas ng ilong. Pero sige lang siya sa pagngiti.

O, di nagselos ka rin, bunyi niya sa isip.

“That’s... that’s nice,” malamyang sagot nito, tabingi ang ngiti.

“Oo nga, eh. Iilan na lang ang lalaking kagaya ni Mark. I know that. Kaya nga sinusulit ko na ang serbisyo niya,” pigil ang tawang dagdag niya. “O, sandali lang, titingnan ko lang kung bakit hindi pa siya bumababa. Baka kailangan niya ng tulong sa pagpili ng underwear.”

Halos takbuhin ni Casey ang hagdanan paakyat. Jace smirked as she passed him, she winked at him. Pagdating sa silid ni Mark ay bumagsak siya sa kama at nagpagulong-gulong sa pagtawa.

God, it was fun to torture Allie. Hindi naman siya masamang tao, pero nakakatawa ang hitsura nito kanina. Parang bulkan na sasabog. Lalo na nang sabihin niyang kailangan ni Mark ng tulong sa pagpili ng panloob. That look was priceless.

“Hoy, bakit ganyan ka kung makatawa?” Inalog pa ng housemate niya ang kanyang balikat para lang tumigil siya sa pagtawa.

“Mark, parekoy, grabe! Hindi ko akalaing masisiyahan akong pagselosin ang love mo. Nakita mo sana ang mukha niya kaninang sinabi kong nagpa-parade ako sa harap mo habang pumipili ng damit. Gosh, that was fun! At sinabi kong kailangan mo rin ng tulong sa pagpili ng underwear, kaya humanda ka. Akala ko lalamunin niya ako nang buhay.”

Ang lapad ng ngiti ni Mark nang marinig iyon.

“Ang galing mo, parekoy!”

“Siyempre, ako pa,” pagyayabang niya. Inakbayan niya ito at inakay pababa. “Humawak ka sa baywang ko, para sa finale.”

“Best friend nga kita, evil ka, eh.” Nakangiting sumunod ito sa utos niya.

“Huwag mong kalimutan, malaki na ang utang mo sa akin. Nagkakakabag ako sa mga damit na ito.”

Tumatawang pumasok sila sa kusina, para lamang salubungin ang magkasalubong na mga kilay ni Allie. Puwede na ring sabitan ng kaldero ang nguso nito sa sobrang panunulis.

“Hi, Allie! Pasensya ka na medyo natagalan ako sa pagbaba,” hinging paumanhin ni Mark.

Pasimple siyang kumalas dito at tumabi kay Jace. Bahagya niyang siniko ito. At tahimik silang nanood sa dalawang lovebirds.

“Okay lang, aalis na ako. Pumunta lang naman ako dito para humingi ng dispensa sa 'yo kasi baka isipin mong binabalewala ko ang mga tawag mo. Busy kasi ako dahil sa palapit na show ko.” Isinukbit na ng babae ang shoulder bag nito. “Kape mo pala, ako ang nagtimpla. ”

“Thank you. Akala ko si Casey ang magtitimpla nito.” Sa sinabi ni Mark, mas lalong umasim ang hilatsa ng mukha ni Allie. Kapwa napangiti sina Casey at Jace.

“Sige, aalis na ako,” matinis ang tinig na paalam nito.

“No, Allie, yayayain sana kitang mag-lunch. Iyon naman ang dahilan kung bakit ako tumawag kagabi sa 'yo. At naisip kong nandito ka na rin lang, bakit hindi pa tayo lumabas? Iyon ay kung okay lang sa 'yo?”